Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin, gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria, sapagkat ako lamang ay alipin Niya. Kaya sabihin ninyo: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo Niya."}

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Huwag kayong magpalabis sa pagpuri sa akin, gaya ng pagpapalabis sa pagpuri ng mga Kristiyano sa Anak ni Maria, sapagkat ako lamang ay alipin Niya. Kaya sabihin ninyo: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo Niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Sumasaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapalabis at paglampas sa legal na hangganan sa pagbubunyi sa kanya at paglalarawan sa kanya ng mga paglalarawan kay Allāh (napakataas Siya) at mga gawain Niyang natatangi sa Kanya, o na siya raw ay nakaaalam sa nakalingid o dinadalanginan kasama kay Allāh gaya ng ginawa ng mga Kristiyano kay Jesus na anak ni Maria (sumakanya ang pangangalaga). Pagkatapos naglinaw siya na siya ay isang alipin kabilang sa mga alipin ni Allāh at nag-utos siya na magsabi tayo tungkol sa kanya: Ang Alipin ni Allāh at ang Sugo ni Allāh.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3406